

PE Physical Education ay isang programa kung saan ang mga mag-aaral ay natututo ng iba't-ibang kakayahan tungkol sa kalusugan at pagiging malakas. Kasama dito ang gymnastics, laro, pagsasayaw, iba't-ibang sports na pang-indibidwal at panggrupo, na nakatataguyod ng tibay, lakas at kakayahang bumaluktot.

Pro-D Professional Development ay oras ng mga guro para ipagpatuloy ang kanilang pag-unlad bilang mga propesyonal. Ang mga araw na ito ay bahagi ng "teachers' collective agreement" sa Ministry of Education. Walang pasok ang mga mag-aaral sa mga araw na ito.

PTC Parent-Teacher Conferences ay ang mga panahon kung saan ang mga magulang at mga guro ay nag-uusap tungkol sa progreso ng mga mag-aaral.

SBT School Based Team ay grupo ng mga guro at propesyonal na nag-uusap tungkol sa mga mag-aaral na nahihirapan. Ang SBT ay nagpa-plano ng suporta para sa mga mag-aaral.

VSB

"Acronyms"

[Filipino]

Ang brosyur na ito ay isa sa mga serye na inisponsoran ng programang VSB SWIS at ang pinagsamang gawain ng mga ESL na guro at ng grupong VSB MCLW.



Ang programang ito ay ginawang posible sa pamamagitan ng pondo galing sa Gobyerno ng Canada at ng Probinsiya ng British Columbia.

Acronyms



**Kahulugan ng mga
Karaniwang
"Acronyms"
sa Paaralan**

Ang mga paaralan ay may iba't-ibang programa at serbisyo. Para mapadali ito ang mga tauhan sa paaralan ay kadalasan gumagamit ng “acronyms” para pag-usapan itong mga programa at serbisyo. Ang ilan sa karaniwang “acronyms” na ginagamit sa paaralan ay ang sumusunod:

- AIP Annual Instructional Plan** ay plano na kumikilala ng progreso ng mag-aaral na ESL/ELL sa lugar ng pakikinig, pananalita at pagsusulat.
- CIRT Critical Incident Response Team** ay grupo ng mga taong bihasa sa pakikitungo sa anumang krisis sa paaralan – halimbawa, kamatayan ng kaklase o guro.
- DPA Daily Physical Activity** Isang programa na kailangan ng mga mag-aaral sa K to 12 na lumahok sa araw-araw na pisikal na gawain, dagdag ito sa programa ng Physical Education (PE).

ELC English Language/Learning Centre ay kung saan nagbibigay ng karagdagang suporta sa wika para sa mga mag-aaral na ESL/ELL.

ESL/ELL English as a Second Language ay salitang ginagamit sa paglalarawan ng mga mag-aaral na ang pangunahing wika ay hindi Ingles.

FA Fine Arts ay isang programa sa paaralan na maaring nagsasama ng pagguhit, pagpipinta, iskultura, keramika, at textiles, kasama na rin ang drama, pagkanta, banda, at pagsasayaw.

FDK Full-Day Kindergarten ay isang programa para sa mga limang-taong gulang na bata.

FI French Immersion isang programa kung saan tinuturuan ang mga mag-aaral ng Pranses at Ingles.

FSA Foundational Skills Assessment ay opsyonal na taunang serye ng pagsusulit na galing sa Ministri ng Edukasyon. Ang mga pagsusulit sa pagbabasa, pagsusulat at Matematika ay binibigay sa Grades 4 and 7.

HCE Health and Career Education ay isang programa na nagbibigay ng kaalaman, kakayahan at saloobin na makatulong sa mga mag-aaral na gumawa ng maalam na desisyon at paggawa ng ligtas at malusog na pagpipilian (safe and healthy choices).

IEP Individual Education Plan ay isang detalyadong plano para sa mga mag-aaral na may tiyak na pangangailangan sa pag-aaral. Bawa't plano ay naglalarawan ng pagbabago sa programa o adaptations, at ang mga serbisyong binibigay.

K-7 Kindergarten to Grade 7 ay ang mga grado sa karamihan na mababang paaralan. Kasama dito ang pangunahing grado (K to 3) at panggitnang grado (4 to 7).

LAC Learning Assistance Centre ay kung saan nagtatrabaho ang mga guro na nagtuturo sa mga mag-aaral na may kahirapan. Nagbibigay din sila ng suporta sa mga mag-aaral na ESL/ELL.

LD Learning Disabled ang tawag sa mga mag-aaral na may tiyak na kahirapan at pangangailangan sa pag-aaral.